


# Health Care Providers sa SOCCSKSARGEN pinaalalahanan sa renewal ng accreditation

By: Hanah Naanep, Public Affairs Unit, PRO XII

Dahil sa nalalapit na pagtatapos ng taon, ang lahat ng accredited Health Care Providers (HCPs) ay pinaalalahanan tungkol sa renewal ng kanilang accreditation sa ginanap na virtual year-end Stakeholder's Forum ng ReachOut Team ng PhilHealth Regional Office XII noong Disyembre 1, 2022.

Ipinaalala ni Health Care Delivery and Management Division (HCDMD) Chief, Dr. Antoniette M. Ladio, na ang lahat ng hepe ng mga pasilidad na mag-a-apply ng renewal ng accreditation para sa kanilang institusyon ay dapat na mayroong valid na accreditation sa PhilHealth bilang propesyunal/duktor.

Ang mga duktor ay binibigyan ng 120 araw bago mag-expire ang kanilang accreditation para ayusin ang kanilang mga dokumento. Ipinaalala rin na ang mga dokumentong isusumite ay maaring i-download sa PhilHealth website na www.philhealth.gov.ph

Ayon naman kay OIC Accreditation and Quality Assurance Section Head, Dr. Marites Pedrajas, ang mga may kumpletong dokumento lamang ang maaaring maproseso, habang ang mga dokumentong may kakulangan ay ibabalik para sa compliance.

Ang mga dokumento ay maaring ipasa sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office o maaaring ipadala sa pamamagitan ng email sa accre.pro1@philhealth.gov.ph

Ang iba pang mga isyu na may kinalaman sa pagpo-proseso ng claims, accreditation, membership at collection, at sa mga na-deny na claims ay tinugunan ng mga panelists mula sa HCDMD, Legal at Field Operations Division.













*"Lubos ang aking pasasalamat na sa kabila ng ating virtual activity ay nandito pa rin kayo upang makinig at magparating ng inyong mga issues and concerns. Ang dati nating problema tungkol sa delayed payment of claims ay natugunan na ng ating tanggapan. Inaasahan po namin na ang mga susunod na isusumiteng claims ay pawang mga good claims na. Sisikapin po naming maproseso ang mga ito sa loob ng 22 araw tulad ng ating claims processing period sa kasalukuyan. Kung meron pa po kayong mga katanungan, makipag-ugnayan lamang sa ating tanggapan para sa reconciliation ng inyong mga data upang matukoy kung ang mga ito ay aprubado na, denied, pino-proseso pa o ni-refer sa Legal Office. Ipagpatuloy po natin ang ating mabuting ugnayan para sa kapakanan ng ating mga miyembro,"* ayon kay Ladio bilang pangwakas niyang mensahe sa mga dumalo.

